


Simulan ang Pagpapatingin ng Ngipin sa Murang Edad

Ang mga kondisyon ng mga ngipin ng mga bata ay nakakaaapekto sa kanilang kalusugan, sikolohikal na pag-unlad at pakikisalamuha. Samakatuwid, hindi dapat balewalain ng mga magulang ang mga kondisyon ng kalusugan ng ngipin at gilagid ng kanilang mga anak.

Ang unang pagpapatingin ng ngipin ng mga bata

Dapat dalhin ng mga magulang ang kanilang anak sa dentista para sa unang pagpapatingin ng ngipin sa loob ng 6 na buwan pagkatapos lumabas ng una nilang ngipin. Sa katunayan, simpleng pagpapatingin lang ang gagawin sa bata.



Napakahalaga sa mga bata ang isang magandang karanasan

Sa pangkalahatan, ang takot ng mga bata sa pagpapatingin ay dahil sa kanilang takot sa isang di-pamilyar na kapaligiran. Kaya't napakahalaga para sa mga magulang na sabihin sa kanilang mga anak ang mga kawili-wiling bagay tungkol sa pagpapasuri ng ngipin bago ang kanilang pagbisita sa dentista. Sa paggawa nito, magiging interesado ang mga bata sa pagpapatingin at sikolohikal na magiging handa para sa pagsusuri.



Ang takot ng mga bata sa kirot ay isa rin sa mga dahilan ng takot sa pagpapatingin. Kaya't dapat hindi pilitin ng mga magulang ang kanilang mga anak para magpapasta o magpabunot ng ngipin sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay, dahil baka ayawan nila ang pagpapatingin ng ngipin. Makatutulong sa mga bata ang isang magandang karanasan (partikular ang naunang nabanggit) na magkaroon ng isang gawi ng regular na mga pagpapatingin ng ngipin at mapataas ang kanilang tiwala sa mga dentista.



Maraming kalamangan ang regular na pagpapatingin ng ngipin

Maaaring magawa ng dentista na:

1. detalyadong mairekord ang status ng pagtubo ng mga ngipin (mas mainam kung kada anim na buwan ang pagitan);
2. magbigay sa mga magulang ng payo ukol sa pagkain para mas mapahusay ang kalusugan ng ngipin at gilagid ng kanilang mga anak;
3. magpasta para matakpan ang mga butas at bitak ng mga papalagas na bagang para mabawasan ang pagkakataon na magkaroon ng sirang ngipin;
4. matukoy at magamot nang mas maaga ang anumang sakit sa ngipin.